INTRODUKSIYON

# PAGDIRIWANG NG MGA SALITA

Iisa ang pulso ng mga berso. Dumadagundong ang tibok ng mga saknong. Ang bawat canto ng daniw animo'y nagbabagang asero. Maging ang naratibo ng bawat surat at salaysay ay mataas ang presyon at nagbabanta ng isang matagumpay na anyurismo. Ganito inilalarawan ang lawas ng mga akdang tinipon para sa bagong isyu ng Lagda sa kalagitnaan ng rehimeng Duterte na sinaniban pa ng bangis ng global na pandemiya. Isa itong pagdiriwang ng mga salita.

Sa loob ng mahigit 45 taong pananatili bilang taunang dyornal ng Departamento ng Filpno at Panitikan ng Pilipinas, lagi't laging may sorpresa itong hatid sa bawat paglalathala. Mula sa naging nilalaman nito sa mga naunang isyu tulad sa usapin ng wikang pambansa, panunuring pampanitikan, diskurso sa Araling Rizal, mahika ng popular na kultura, at hiwaga at hikayat ng malikhaing pagkatha, pirmis ang rahuyo nitong magsabi ng katotohanan at karanasan ng bawat mananaliksik at malikhaing manunulat para sa interes ng higit na nakararami.

Dalawang dekada na ang lumipas mula nang huling naglabas ng isyu na naglalaman ng mga malikhaing akdang pampanitikan ang Lagda. Kambal na isyu ang inilathala noon dahil hindi mapigilan ang pagdagsa ng kontribusiyon na karamihan sa mga manunulat ay kasapi ng kaguruan ng Departamento. Sa isyung ito, inilaan namin sa mga graduwadong mag-aaral at sa ilang batang guro na nagpapakadalubhasa sa Malikhaing Pagsulat ang espasyo upang mapulsuhan ang kanilang saloobin sa kasalukuyang sitwasyon ng lipunan sa kabila ng mga ipinangakong pagbabago.

Tulad ng mga isyung tinatalakay sa mga akdang nakapaloob sa pinakabagong isyu na ito ng Lagda, hindi nagbabago manapa'y lalong lumala ang mga suliraning panlipunan na makikita sa mga banghay at saknong kahima't minsa'y may pagtatangkang gawin itong magaan at kaaya-aya. Sadyang hindi maiiwasang talakayin ang isyu tungkol sa kinahaharap ng iba't ibang sektor ng lipunan na siyang nagiging biktima ng karahasan ng estado upang mapasulpot lamang ang programa nila na iba at hiwalay sa dating namunong pangulo. Sa proseso ng pagpapatupad ng programa ng kasalukuyang gobyerno, marami ang nagiging biktima lalo na ang batayang masa ng lipunan kasama ang maralitang tagalungsod, kababaihan, at katutubong Filipino.

Partikular na tinalakay sa mga tulang nakapaloob sa koleksyon ay ang kritisismo sa programang pagsugpo ng ilegal na droga, ang pagpatay sa mga

magsasaka dahil sa pagigiit nila sa karapatang magkaroon ng sariling sakahan, ang patuloy na pagkawala ng mga aktibista na nagbibigay simpatya sa kilusang mapagpalaya, at ang iba't ibang litanya kaugnay ng mga kairalang panlipunang hindi pa nagbibigyan ng solusyon mula pa noong panahon ng pananakop. Sa kabilang banda, may mga paksain rin namang hindi tumitigil sa pagbatikos kundi naglalatag ng solusyon at umaasang muling sisikat ang araw para sa mga pingkaitan ng laya at kasaganaan.

Kasama rin sa koleksyon na ito ang mga kuwentong bagaman magkakaiba ay magkakaugnay naman sa ilang aspekto. Sa kuwentong "Bagaong sa Lawod" ni Napoleon Arcilla, dinadala tayo ng akda sa dagat ng nakaraan at kung sa paanong paraan binabalikan ang mga araw ng kamusmusan hanggang sa pagbalik sa bayang nilisan. Namulat man ang mga tauhan sa isang "mabahong" lugar, ito naman ang itinuturing nilang pinakamabangong alaala. Sa kuwentong "In Tokhang We Trust" ni China Patria M. De Vera, mapaglarong hinaharap ang kanyang naging paraan upang batikusin at suriin ang isang sistema ng internal na paglilinis ng estado laban sa mga itinuturing na latak ng lipunan. Nagtapos ang kuwento sa isang trahedya, nananatiling makatotohanan ang paghiraya ng kuwentista sa isang sistemang kumitil sa libo-libong buhay sa bansa.

Katulad ng mapaglarong imahinasyon ni De Vera, inilahad naman ni Joshua Alejandro Diokno sa kuwentong "Hindi Ito ang Araw na Iyon, Tungkung Langit," ang maaaring kahinatnan ng isang tauhan sa popular na mito ng paglikha kapag ito'y napunta sa makabagong panahon. Ang panahong kinapapalooban ng naghihingalong syudad na halos mamatay ang mga tao dahil sa paghahabol sa lumikha ng tubo at kita. Madamdamin naman ang naging paglalahad ng kuwentong pambata na "Ang Pileges sa Sapatos ni Kuya" ni Ana Algabre Hernandez na tungkol sa kinasadlakang trahedya ng kapatid ng pangunahing tauhan dahil sa pagkakaroon nito ng sakit. Sanhi nito, ang inaasahang kawalang-malay ng kamusmusan ay napalitan ng natuklasang lungkot at pighati na magdudulot ng habangbuhay na pagbabago sa kamalayan ng isang bata. Natatangi naman ang nag-iisang sanaysay sa koleksyon na ito. Ang sanaysay ni Niles Jordan Breis na "Kung Tawagin Siya'y Angela Buruka: Sa Alaala ni Angela Manalang-Gloria" ay akdang sumusuong mula sa personal na pag-apuhap sa sining at buhay ni Angela Manalang-Gloria tungo sa layuning maitanyag ang isang natatanging yaman ng Tabacco, Albay. Bagaman hindi nakatuon sa bayograpikal na pagtala ang sanaysay, mas higit natin nakilala ang manunulat sa pamamagitan ng kanyang sining at buhay-manunulat. Ang mga natitirang akda nama'y binubuo ng apat na dagli. Tinalunton ng mga dagli ang mga usaping may kaugnay sa pulitika, personal na alaala, domestikong relasyon at kritika sa relihiyon. Bagaman maikli ang mga akda, hindi pa rin matatawaran ang lawak ng mga konsepto at usaping inilalatag nito sa mga mambabasa.

Patuloy na dadagundong at mag-iingay ang mga akdang pampanitikang ito hanggang sa magising ang taumbayan upang ipagpatuloy ang paghawan sa kakahuyan upang marating ang duluhang maglalandas sa isang bagong umaga na pantay at makatarungan. Marami pang susunod na Lagda ang aming ilalathala upang mamulat ang mambabasang mamamayan tungo sa pag-angkin ng isang mapayapang lipunan.